Tagalog

# “This Is My Gospel”—“This Is My Church”

By Elder Dale G. Renlund
*Of the Quorum of the Twelve Apostles*

# “Ito ang Aking Ebanghelyo”—“Ito ang Aking Simbahan”

Ni Elder Dale G. Renlund
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

October 2024 general conference

*This is the Savior’s gospel, and this is His Church (see3 Nephi 27:21;Mosiah 26:22;27:13). The combination of the two is powerful and transformative.*

*Ito ang ebanghelyo ng Tagapagligtas, at ito ang Kanyang Simbahan (tingnan sa3 Nephi 27:21;Mosias 26:22;27:13). Ang kombinasyon ng dalawa ay mabisa at nakapagpapabago.*

For centuries, black powder was the most powerful explosive available.It could launch cannon balls, but it wasn’t effective for most mining and road construction projects. It was just too weak to shatter rock.

Sa loob ng maraming siglo, ang itim na pulbura [black powder] ang pinakamalakas na magagamit na pampasabog.Maaari itong magpaputok ng mga bala ng kanyon, ngunit hindi ito epektibo sa karamihan sa mga proyekto ng pagmimina at paggawa ng mga kalsada. Napakahina nito para makadurog ng bato.

In 1846 an Italian chemist named Ascanio Sobrero synthesized a new explosive, nitroglycerin. This oily fluid was at least a thousand times more powerful than black powder. It could easily shatter rock. Unfortunately, nitroglycerin was unstable. If you dropped it from a small height, it’d blow up. If it got too hot, it’d blow up. If it got too cold, it’d blow up. Even placed in a cool, dark room and left alone, it’d eventually blow up. Most countries banned its transportation, and many banned its manufacture.

Noong 1846 isang Italyanong chemist na nagngangalang Ascanio Sobrero ang nag-halu-halo ng isang bagong pampasabog, ang nitroglycerin. Ang mamantikang likidong ito ay hindi bababa sa isang libong beses na mas malakas kaysa sa itim na pulbura. Madali itong makadurog ng bato. Sa kasamaang-palad, ang nitroglycerin ay kulang sa stabilizer. Kapag ipinatak mo ito kahit sa malapitan, sasabog ito. Kapag masyadong nainitan, sasabog ito. Kapag masyadong nalamigan, sasabog ito. Kahit na ilagay ito sa malamig at madilim na lugar at hinayaang mag-isa, sasabog ito. Karamihan sa mga bansa ay ipinagbawal ang paglilipat nito, at marami ang ipinagbawal ang paggawa nito.

In 1860 a Swedish scientist named Alfred Nobel began trying to stabilize nitroglycerin. After seven years of experimentation, he achieved his goal by absorbing nitroglycerin into a nearly worthless substance known as diatomaceous earth, or kieselguhr. Kieselguhr is a porous rock that can be crumbled into a fine powder. When mixed with nitroglycerin, kieselguhr absorbs the nitroglycerin, and the resultant paste can be shaped into “sticks.” In this form, nitroglycerin

Noong 1860 isang siyentipikong Swedish na nagngangalang Alfred Nobel ang nagsimulang subukang lagyan ng stabilizer ang nitroglycerin. Pagkatapos ng pitong taong pag-eksperimento, nakamit niya ang kanyang mithiin nang ipasipsip niya ang nitroglycerin sa isang halos walang halagang sangkap na kilala bilang kieselguhr. Ang kieselguhr ay butas-butas na bato na maaaring mapulbos. Kapag inihalo sa nitroglycerin, sisipsipin ng kieselguhr ang nitroglycerin, at ang

was much more stable. It could be safely stored, transported, and used with undiminished explosive power. Nobel named the combination of nitroglycerin and kieselguhr “dynamite.”

kinalabasang kola ay maaaring hugisin na parang mga “stick.” Sa ganitong porma, mas nai-stabilize ang nitroglycerin. Maaari itong ligtas na maimbak, mailipat-lipat, at magamit nang hindi nababawasan ang lakas ng pagsabog. Pinangalanan ni Nobel ang kumbinasyon ng nitroglycerin at kieselguhr na “dinamita.”

Dynamite changed the world.It also made Nobel wealthy. Without a stabilizer, nitroglycerin was just too hazardous to be commercially valuable, as Ascanio Sobrero found out.By itself, as I mentioned, kieselguhr was of little value.But the combination of the two components made dynamite transformative and precious.

Binago ng dinamita ang mundo.Dahil din dito ay yumaman si Nobel. Kung walang stabilizer, ang nitroglycerin ay hindi maibebenta sa merkado dahil lubhang mapanganib ito, tulad ng natuklasan ni Ascanio Sobrero.Kapag walang kahalong sangkap, tulad ng nabangit ko, ang kieselguhr, ay walang halaga.Ngunit sa kumbinasyon ng dalawang sangkap, malaking pagbabago ang nagawa ng dinamita.

In a similar way, the combination of the gospel of Jesus Christand The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints provides powerful and transformative benefits for us. The gospel is perfect, but a divinely commissioned church is required to preach it, maintain its purity, and administer its sacred ordinances with the Savior’s power and authority.

Sa gayunding paraan, ang kombinasyon ng ebanghelyo ni Jesucristoat Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagbibigay ng matatag at nakapagpapabagong mga kapakinabangan para sa atin. Ang ebanghelyo ay perpekto, ngunit ang isang simbahang inatasan ng Diyos ay kinakailangang ipangaral ito, panatilihin ang kadalisayan nito, at pangasiwaan ang mga sagradong ordenansa nito nang may kapangyarihan at awtoridad ng Tagapagligtas.

Consider the combination of the Savior’s gospel and His Church as established by the Book of Mormon prophet Alma. The Church was responsible for preaching “nothing save it were repentance and faith on the Lord, who [would redeem] his people.”Using God’s authority, the Church was responsible for administering the ordinance of baptism “in the name of the Lord, as a witness [of entering] into a covenant with him [to] serve him and keep his commandments.”The people who were baptized took on themselves the name of Jesus Christ,joined His Church,and were promised great power through an outpouring of the Spirit.

Isipin ang kumbinasyon ng ebanghelyo ng Tagapagligtas at ng Kanyang Simbahan na itinatag ng propeta sa Aklat ni Mormon na si Alma. Ang Simbahan ay may responsibilidad na ipangaral lamang ang “pagsisisi at pananampalataya sa Panginoon, na siyang [tutubos] sa kanyang mga tao.Gamit ang awtoridad ng Diyos, responsibilidad ng Simbahan na pangasiwaan ang ordenansa ng binyag “sa pangalan ng Panginoon, bilang saksi sa [paggawa ng] tipan sa kanya … na siya ay inyong paglilingkuran at susundin ang kanyang mga kautusan,”Ang mga taong nabinyagan ay nagtaglay ng pangalan ni Jesucristo,-sumapi sa Kanyang Simbahan,at pinangakuan ng malaking kapangyarihan sa pamamagitan ng pagbubuhos ng Espiritu.

People flocked to the Waters of Mormon to hear Alma preach the gospel. Though they revered those waters and the surrounding forests, the Lord’s Church was not a location or a building, nor is it today. The Church is simply ordinary people, disciples of JesusChrist, gathered and organized into a divinely appointed structure that helps the Lord accomplish His purposes. The Church is the instrument through which we learn the central role of Jesus Christ in Heavenly

Dumagsa ang mga tao sa Tubig ng Mormon upang pakinggan ang pangangaral ni Alma ng ebanghelyo. Bagama’t iginagalang nila ang mga tubig na iyon at ang nakapaligid na kagubatan, ang Simbahan ng Panginoon ay hindi isang lugar o gusali noon, maging hanggang sa ngayon. Ang Simbahan ay mga ordinaryong tao, mga disipulo ni Jesucristo, na tinipon at inorganisa sa isang banal na istruktura na tumutulong sa Panginoon na maisakatuparan ang Kanyang mga layunin.

Father's plan. The Church offers the authoritative way for individuals to participate in ordinances and make lasting covenants with God.Keeping those covenants draws us closer to God, gives us access to His power,and transforms us into who He intends us to become.

Ang Simbahan ay kasangkapan kung saan natututuhan natin ang pangunahing ginagampanan ni Jesucristo sa plano ng Ama sa Langit. Ang Simbahan ay naglalaan ng mga paraan nang may awtoridad upang makabahagi ang mga tao sa mga ordenansa at gumawa ng mga walang-hanggang tipan sa Diyos.Ang pagtupad sa mga tipang iyon ay nagpapalapit sa atin sa Diyos, nagbibigay sa atin ng Kanyang kapangyarihan,at binabago tayo sa kung ano ang nais Niyang kahinatnan natin.

Just as dynamite without nitroglycerin is unremarkable, the Savior's Church is special only if it is built on His gospel.Without the Savior's gospel and the authority to administer the ordinances thereof,the Church isn't exceptional.

Tulad ng dinamita na kung walang nitroglycerin ay hindi kapansin-pansin, ang Simbahan ng Tagapagligtas ay katang-tangi lamang kung ito ay itinayo sa Kanyang ebanghelyo.Kung wala ang ebanghelyo ng Tagapagligtas at ang awtoridad na pangasiwaan ang mga ordenansa nito,hindi na natatangi ang Simbahan.

Without the stabilizing effect of kieselguhr, nitroglycerin had limited value as an explosive. As history has shown, without the Lord's Church, humanity's understanding of His gospel was likewise unstable—prone to doctrinal drift and subject to the influence of different religions, cultures, and philosophies.An amalgamation of those influences has been manifested in every dispensation leading up to this last one.Though the gospel was initially revealed in its purity, the interpretation and application of that gospel gradually took on a form of godliness that lacked power because the divinely authorized framework was absent.

Kung wala ang nakapagpapa-stabilize na epekto ng kieselguhr, limitado lang ang bisa ng nitroglycerin bilang pampasabog. Tulad ng nasaksikan sa kasaysayan, kung wala ang Simbahan ng Panginoon, ang pagkaunawa ng sangkatauhan sa Kanyang ebanghelyo ay hindi rin matatag—madaling malihis sa doktrina at maimpluwensiyahan ng iba't ibang relihiyon, kultura, at pilosopiya.Ang pagsasama-sama ng mga impluwensyang iyon ay ipinakita sa bawat dispensasyon na humahantong sa huling pagkakataong ito.Bagama't ang ebanghelyo ay unang inihayag sa kadalisayan nito, ang interpretasyon at pagsasabuhay ng ebanghelyong iyon ay unti-unting nagkaroon ng anyo ng kabanalang walang kapangyarihan dahil wala ang Simbahang pinahintulutan ng Diyos.

The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints enables access to God's power because it is authorized by Him both to teach the doctrine of Christ and to offer the gospel's saving and exalting ordinances.The Savior yearns to forgive our sins, help us access His power, and transform us.He suffered for our sins and longs to pardon us from the punishment that we otherwise would deserve.He wants us to become holyand be perfected in Him.

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagtutulot sa atin na magamit ang kapangyarihan ng Diyos dahil ito ay pinahintulutan Niya na ituro kapwa ang doktrina ni Cristo at ialay ang nakapagliligtas at nakadadakilang mga ordenansa ng ebanghelyo.Nais ng Tagapagligtas na patawarin ang ating mga kasalanan, tulungan tayong magamit ang Kanyang kapangyarihan, at baguhin tayo.Nagdusa Siya para sa ating mga kasalanan at inaasam na patawarin tayo mula sa kaparusahang atin sanang nararapat na matanggap.Nais Niyang maging banal tayoat maging ganap sa Kanya.

Jesus Christ has the power to do this. He didn't simply sympathize with our imperfectionsand lament our eternal condemnation in consequence of sin.No, He went beyond that, infinitely

Si Jesucristo ay may kapangyarihang gawin ito. Siya ay hindi lamang simpleng nakikiramay sa ating mga kakulanganat nagdadalamhati sa ating walang hanggang kaparusahan bunga

beyond that, and restored His Church to enable access to His power.

ng kasalanan.Hindi, sa halip higit pa roon ang Kanyang ginawa, at ipinanumbalik ang Kanyang Simbahan upang magamit ang Kanyang kapangyarihan.

The core of the gospel that the Church teaches is that Jesus Christ bore "our griefs, and carried our sorrows." He had "laid on him the iniquity of us all."He "endured the cross,"broke "the bands of death,""ascended into heaven, and … sat down on the right hand of God, to claim of the Father his rights of mercy." The Savior did all this because He loves His Father and He loves us. He has already paid the infinite price so He can "[claim] all those who have faith in him [and advocate]"for them—for us. Jesus Christ wants nothing more than for us to repent and come unto Him so that He can justify and sanctify us. In this desire, He is relentless and unwavering.

Ang pinakasentro ng ebanghelyong itinuturo ng Simbahan ay na pinasan ni Jesucristo ang "ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kalungkutan." Kanyang "ipinasan … ang lahat nating kasamaan.""Tiniis [N]iya ang krus,"kinalag ang "mga gapos ng kamatayan,""umakyat sa langit, at … umupo sa kanan ng Diyos, upang angkinin sa Ama ang kanyang mga karapatan ng awa." Ginawa ng Tagapagligtas ang lahat ng ito dahil mahal Niya ang Kanyang Ama at mahal Niya tayo. Nagbayad na Siya ng walang-hanggang halaga upang "[angkinin] Niya ang lahat ng yaong sumasampalataya sa kanya [at nagtataguyod]"para sa kanila—para sa atin. Walang ibang mas nais si Jesucristo kundi ang magsisi tayo at lumapit sa Kanya upang tayo ay Kanyang bigyang-katwiran at pabanalin. Sa hangaring ito, Siya ay walang humpay at hindi natitinag.

The access to God's covenantal power and His covenantal love is through His Church. The combination of the Savior's gospel and His Church transforms our lives. It transformed my maternal grandparents. My grandfather Oskar Andersson worked in a shipyard on Högmarsö, an island in the Stockholm archipelago. His wife, Albertina, and their children lived on the Swedish mainland. Once every two weeks, on Saturday, Oskar rowed his boat home for the weekend before returning to Högmarsö on Sunday evening. One day, while on Högmarsö, he heard two American missionaries preach the restored gospel of Jesus Christ. Oskar felt that what he heard was pure truth, and he was filled with unspeakable joy.

Ang access sa Kanyang kapangyarihan sa loob ng tipan at pagmamahal sa tipan ay makukuha sa pamamagitan ng Kanyang Simbahan. Ang kombinasyon ng ebanghelyo ng Tagapagligtas at ng Kanyang Simbahan ay nagpapabago sa ating buhay. Binago nito ang lolo't lola ko sa ina. Ang lolo kong si Oskar Andersson ay nagtrabaho sa isang shipyard sa Högmarsö, isang isla sa kapuluan ng Stockholm. Ang kanyang asawang si Albertina at ang kanilang mga anak ay nakatira sa mainland ng Sweden. Isang beses kada dalawang linggo, tuwing Sabado, nagbabangka si Oskar pauwi sa katapusan ng linggo bago bumalik sa Högmarsö sa Linggo ng gabi. Isang araw, habang nasa Högmarsö, narinig niya ang dalawang Amerikanong missionary na nangangaral ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Nadama ni Oskar na ang narinig niya ay dalisay na katotohanan, at napuno siya ng 'di maipaliwang na kagalakan.

The next time he returned home, Oskar excitedly told Albertina all about the missionaries. He explained that he believed what they taught. He asked her to read the pamphlets they had given him, and he told her that he didn't think that any of their future children should be baptized as infants. Albertina was furious and threw the pamphlets on the rubbish heap. Not much was said between them before Oskar returned to

Sa sumunod na pag-uwi niya, tuwang-tuwa niyang sinabi kay Albertina ang tungkol sa mga missionary. Ipinaliwanag niya na naniniwala siya sa itinuro ng mga ito. Ipinabasa niya kay Albertina ang mga polyetong ibinigay nila sa kanya, at sinabi niya rito na sa palagay niya ay hindi dapat binyagan ang kanilang magiging mga anak kapag sanggol pa lang. Galit na galit si Albertina at itinapon ang mga polyeto sa basurahan. Hindi na

work on Sunday evening.

As soon as he was gone, Albertina retrieved those pamphlets. She carefully compared their doctrine with the teachings in her well-worn Bible. She was astonished to feel that what she read was true. The next time Oskar returned home, he received a warm welcome, as did the copy of the Book of Mormon he brought with him. Albertina eagerly read, again comparing the doctrine to that in her Bible. Like Oskar, she recognized pure truth and was filled with unspeakable joy.

Oskar, Albertina, and their children moved to Högmarsö to be close to the few Church members there. A week after Oskar and Albertina were baptized in 1916, Oskar was called to bethe group leader on Högmarsö. Like many converts, Oskar and Albertina faced criticism because of their new faith. Local farmers refused to sell them milk, so Oskar rowed across the fjord every day to purchase milk from a more tolerant farmer.

Yet during the ensuing years, Church membership on Högmarsö increased, in part because of Albertina's powerful testimony and burning missionary zeal. When the group became a branch, Oskar was called as the branch president.

Members of that Högmarsö branch revered that island. This was their Waters of Mormon. This was where they came to a knowledge of their Redeemer.

Over the years, as they kept their baptismal covenant, Oskar and Albertina were transformed by the power of Jesus Christ. They longed to make more covenants and receive their temple blessings. To obtain those blessings, they permanently emigrated from their home in Sweden to Salt Lake City in 1949. Oskar had served as the leader of the members on Högmarsö for 33 years.

The combination of nitroglycerin and kieselguhr made dynamite valuable; the combination of the gospel of Jesus Christ and His Church is

sila gaanong nag-usap bago umalis si Oskar para magtrabaho noong Linggo ng gabi.

Pagkaalis niya, agad na kinuha ni Albertina ang mga polyetong iyon. Maingat niyang inihambing ang doktrina nito sa mga turo sa kanyang gamit na gamit na Biblia. Nagulat siya nang maramdaman na totoo ang kanyang nabasa. Nang sumunod na umuwi si Oskar, magiliw siyang sinalubong ni Albertina, gayundin ang kopya ng Aklat ni Mormon na dala niya. Sabik na binasa niyang muli ito, at muling inihambing ang doktrina sa doktrina sa kanyang Biblia. Tulad ni Oskar, nadama niya ang dalisay na katotohanan at napuno ng hindi maipaliwanag na kagalakan.

Lumipat sina Oskar, Albertina, at kanilang mga anak sa Högmarsö para mas maging malapit sa ilang miyembro ng Simbahan doon. Isang linggo matapos mabinyagan sina Oskar at Albertina noong 1916, tinawag si Oskar na maging lider ng grupo sa Högmarsö. Tulad ng maraming mga convert, sina Oskar at Albertina ay nakaranas ng pagbatikos dahil sa kanilang bagong pananampalataya. Ang mga lokal na magsasaka ay tumangging pagbilhan sila ng gatas, kaya sakay ng bangkang tinawid ni Oskar ang fjord araw-araw upang bumili ng gatas mula sa isang mas maunawaing magsasaka.

Subalit sa mga sumunod na taon, dumami ang mga miyembro ng Simbahan sa Högmarsö, isa sa mga dahilan nito ay ang malakas na patotoo at matinding sigasig sa gawaing-misyonero ni Albertina. Nang maging branch ang grupo, tinawag si Oskar bilang unang branch president.

Ikinararangal ng mga miyembro ng Högmarsö branch ang islang iyon. Ito ang kanilang mga Tubig ng Mormon.Dito nila nakilala ang kanilang Manunubos.

Sa paglipas ng mga taon, sa pagtupad nila ng kanilang tipan sa binyag, sina Oskar at Albertina ay nabago sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesucristo. Inasam nilang gumawa pa ng mas maraming tipan at matanggap ang kanilang mga pagpapala sa templo. Upang matamo ang mga pagpapalang iyon, tuluyan nilang nilisan ang kanilang tahanan at nandayuhan mula sa Sweden patungong Salt Lake City noong 1949. Si Oskar ay naglingkod bilang lider ng mga miyembro sa Högmarsö sa loob ng 33 taon.

Dahil sa kombinasyon ng nitroglycerin at kieselguhr, nagkaroon ng halaga ang dinamita; ang kumbinasyon ng ebanghelyo ni Jesucristo

beyond price. Oskar and Albertina heard about the restored gospel because a prophet of God had called, assigned, and sent missionaries to Sweden. By divine commission, missionaries taught the doctrine of Christ and by priesthood authority baptized Oskar and Albertina. As members, Oskar and Albertina continued learning, developing, and serving others. They became Latter-day Saints because they kept the covenants they made.

at ng Kanyang Simbahan ay hindi matatawaran. Narinig nina Oskar at Albertina ang tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo dahil isang propeta ng Diyos ang tumawag, nagtalaga, at nagpadala ng mga missionary sa Sweden. Sa pamamagitan ng banal na atas, itinuro ng mga missionary ang doktrina ni Cristo at sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood ay bininyagan sina Oskar at Albertina. Bilang mga miyembro, patuloy na nag-aral, natuto, at naglingkod sa kapwa sina Oskar at Albertina. Sila ay naging mga Banal sa mga Huling Araw dahil tinupad nila ang mga tipang ginawa nila.

The Savior refers to The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints as "my church" because He commissioned it to accomplish His purposes—preaching His gospel, offering His ordinances and covenants, and making it possible for His power to justify and sanctify us. Without His Church, there is no authority, no preaching of revealed truths in His name, no ordinances or covenants, no manifestation of the power of godliness,no transformation into who God wants us to become, and God's plan for His children is set at naught. The Church in this dispensation is integral to His plan.

Tinukoy ng Tagapagligtas ang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw bilang "aking simbahan" dahil inatasan Niya itong isagawa ang Kanyang mga layunin—pangangaral ng Kanyang ebanghelyo, pag-aalay ng Kanyang mga ordenansa at tipan, at paggawa ng paraan para mabigyang-katwiran ng Kanyang kapangyarihan na pabanalin tayo. Kung wala ang Kanyang Simbahan, walang awtoridad, walang pangangaral ng mga inihayag na katotohanan sa Kanyang pangalan, walang mga ordenansa o tipan, walang pagpapakita ng kapangyarihan ng kabanalan,walang pagbabago sa kung sino ang nais ng Diyos na maging tayo, at ang plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak ay mawawalan ng silbi. Ang Simbahan sa dispensasyong ito ay bahagi ng Kanyang plano.

I invite you to commit yourself more fully to the Savior, His gospel, and His Church. As you do so, you will find that the combination of the Savior's gospel and His Church brings power into your life. This power is far greater than dynamite. It'll shatter the rocks in your way, transform you into an inheritor in God's kingdom. And you will be "filled with that joy which is unspeakable and full of glory."In the name of Jesus Christ, amen.

Inaanyayahan ko kayong mas lubos na ilaan ang inyong sarili sa Tagapagligtas, sa Kanyang ebanghelyo, at sa Kanyang Simbahan. Sa paggawa ninyo nito, malalaman ninyo na ang kumbinasyon ng ebanghelyo ng Tagapagligtas at ng Kanyang Simbahan ay magdudulot ng kapangyarihan sa inyong buhay. Ang kapangyarihang ito ay lubhang nakahihigit kaysa dinamita. Dudurugin nito ang mga bato sa inyong daraanan, babaguhin kayo at gagawing tagapagmana sa kaharian ng Diyos. At kayo ay "[mapupuspos] ng yaong hindi maipaliwanag na kagalakan at puspos ng kaluwalhatian."Sa pangalan ni Jesucristo, amen.